

Mga Bakuna para sa COVID-19 [Binuo ng Pfizer-BioNTech at Moderna]

COVID-19

Ang [COVID-19](#) ay isang kumakalat na impeksyon na pangunahing naapektuhan ang mga baga. Ilang tao ay maaaring magkaroon ng bahagyang karamdaman. Ang iba ay maaaring lubhang magkasakit, kabilang ang mga nakakatanda o mga taong may dati nang kondisyon sa kalusugan. Bihirang-bihira, ang ilang bata ay maaaring magkaroon ng malubhang kondisyon ng pamamaga. Hindi ganap na alam ang mga pangmatagalang epekto ng COVID-19. Ang ilan ay mas nanganganib na makakuha ng COVID-19 dahil sa kanilang trabaho o kalagayan ng pamumuhay.

Paano Gumagana ang mga Bakunang Ito

Sinasabihan ng bakuna ang mga selula sa ating katawan na gumawa ng protein na partikular na matatagpuan sa virus na nagdudulot ng COVID-19. Ang mga "spike protein" na ito, bagaman hindi nakakasama sa atin, ay mag-uudyok sa ating katawan na magsimulang gumawa ng mga antibody. Poprotektahan tayo ng ating mga bagong antibody mula sa pagkakasakit kung nahantad tayo sa virus. Ang bakuna ay hindi naglalaman ng virus, kaya hindi ito maaaring magbigay sa atin ng COVID-19.

Ang parehong bakuna ay sinuri sa malalaking klinikal na pagsubok upang matiyak na tumutugon ang mga ito sa mga pamantayan sa kaligtasan, at parehong nilisensyahan at inaprubahan ang mga ito ng Health Canada.

Proseso ng Pagbabakuna

Ang parehong bakuna ay nangangailangan ng dalawang dosis. Ang mga dosis ng Pfizer ay ibinibigay ng hindi bababa sa 21 araw na pagitan para sa mga taong 16 na taong gulang at mataas, kabilang ang matatanda. Ang mga dosis ng Moderna ay ibinibigay ng hindi bababa sa 28 araw ang pagitan para sa mga taong 18 taong gulang at pataas, kabilang ang matatanda.

Mga Kapakinabangan sa Bakuna

Dalawang dosis ng bakuna ang kailangan para sa mas mabuting proteksyon. Pagkatapos makumpleto ang dalawang dosis, maaaring abutin ito ng isa hanggang dalawang linggo para makamit ang pinakamalaking proteksyon laban sa COVID-19. Sa pagkakataong ito, walang impormasyon sa pangmatagalang proteksyon sa bakunang ito. Sa mga pagsubok, 95% ang pagiging epektibo ng bakuna.

May maliit na tsansang maaari ka pa ring magkaroon ng COVID-19 kahit pagkatapos mabakunahan. Mahalagang maipagpatuloy ang mga hakbang sa pampublikong kalusugan gaya ng pisikal na

pagdidistansya, pagsuot ng mask, at pananatili sa bahay kung ikaw ay may sakit. Ang mga tauhan sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang mga tauhan ay dapat pa ring magsuot ng personal na pumuprotektang kasuotan (PPE, personal protective equipment) kahit pagkatapos nilang mabakunahan.

Mga Side Effect at Panganib

Ang ilan ay maaaring makaranas ng mga side effect mula sa bakuna, ngunit malamang na maging bahagya ito at maresolba pagkatapos ng ilang araw. Ang ilan sa mga sintomas ay bahagi ng pagtugon ng katawan sa pagbuo ng immunity.

Kabilang sa mga karaniwang side effect na iniulat sa mga klinikal na pagsubok para sa bakunang ito ang:

napakakaraniwan ≥10% (mahigit 1 sa 10 dosis)	karaniwan 1%-10% (1 sa 100 hanggang 1 sa 10 dosis)	hindi karaniwan 1% (1 sa 100 dosis)	bihirang-bihira
<ul style="list-style-type: none"> o pananakit sa bahaging tinurukan o pananakit ng ulo o pagod o pananakit ng kalamnan o kasu-kasuan o lagnat o giniginaw o pamamaga o kirot sa ilalim ng kilikili (sa bakunang Moderna lamang) 	<ul style="list-style-type: none"> o pamumula at pamamaga sa bahaging tinurukan o pagkaalibadbad at pagsusuka (sa bakunang Moderna lamang) 	lumaking mga kulaning limpatiko	malulubhang alerhiyang reaksiyon gaya ng anaphylaxis

Sa madadalang na kaso, maaaring magkaroon ng malulubhang alerhiyang reaksiyon (anaphylaxis). Maaaring magamot ang mga alerhiyang reaksiyon at kadalasang pansamantala. Humingi ng medikal na atensyon kung nahihirapan kang huminga, nagkaroon ng pantal-pantal o pamamaga sa mukha at lalamunan. Patuloy na susubaybayan ang mga side effect ng bakuna habang binabakunahan ang mga tao. Kung nagkaroon ka ng reaksiyon sa bakuna, makipag-ugnay sa iyong health care provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) na direktang iulat ang side effect sa public health (ahensya ng pampublikong kalusugan). Susubaybayan ng public health ang mga inuulat na side effect upang matiyak na patuloy na nagiging ligtas ang bakuna.

Mga Pag-iingat

- Ipaantala ang bakuna kung mayroon kang lagnat, may sakit na may mga sintomas ng COVID-19, o nabakunahan sa nakaraang 14 na araw.
- Iwasan ang pagsubok na mabuntis ng hindi bababa sa isang buwan pagkatapos makuha ang parehong dosis ng bakuna.
- Kung umiinom ka ng gamot na blood thinner (pampanipis ng dugo), gagamit sila ng mas maliit na karayom at kakailanganin mong gamitan ng presyur nang mas matagal pagkatapos magpabakuna upang mabawasan ang pagkakaroon ng pasa.

Huwag magpabakuna nito kung ikaw ay:

- may mga allergy sa anumang sangkap ng bakuna, kabilang ang polyethylene glycol; o
- nagkaroon ng malubhang reaksiyon sa naunang dosis ng bakunang ito.

Kausapin muna ang iyong health care provider kung ikaw ay:

- wala pang 16 na taong gulang (nasa pagitan ng edad na 12 hanggang 15 taong gulang, maaaring ihandog ang bakunang Pfizer);
- nagbubuntis o nagpapasuso; o
- may huminang immune system dahil sa sakit o paggamot, o bleeding disorder.

Para sa higit pang impormasyon, kausapin ang iyong health care provider, o bumisita sa toronto.ca/COVID19.

Mga mapagkukunan

Pambansang Komite ng Pagpapayo sa Bakuna. Mga Rekomendasyon sa paggamit ng mga Bakuna para sa COVID-19. Disyembre 2020. Makukuha sa <https://www.canada.ca/en/public-health/services/immunization/national-advisory-committee-on-immunization-naci/recommendations-use-covid-19-vaccines.html>